IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

# Panaghiusa Festival:Kasaysayan At Pagpapahalagang Kultural Ng Claver

**Go, Roselle D. Escultor, Gemma R.**
Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract**: *Tinalakay sa pananaliksik na ito ang Sajaw Panaghiusa nan Claver, isang makabagong pagtatanghal na sumasalamin sa pagkakaisa, kultura, at kasaysayan ng bayan ng Claver, Surigao del Norte. Ang salitang "Sajaw" ay nangangahulugang sayaw, at ang "Panaghiusa" ay nangangahulugang pagkakaisa, kaya't ang pamagat ay maisasalin bilang "Sayaw ng Pagkakaisa ng Claver."*

*Layunin ng pag-aaral na tuklasin ang proseso ng pagkabuo ng sayaw at ang papel nito bilang simbolo ng pagkakakilanlan ng mga Claveranon. Sinuri rin kung paano pinagtitibay ng sayaw ang ugnayan ng mamamayan sa gitna ng hamon ng modernisasyon. Gumamit ang pananaliksik ng kwalitatibong metodo, partikular ng panayam at dokumentaryong pagsusuri, upang makalap ang mga mahahalagang datos mula sa mga piling impormante na may kaalaman at karanasan sa pagsasayaw at kultural na aktibidad sa Claver.*

*Ipinapakita sa resulta na ang Sajaw Panaghiusa ay higit pa sa isang pagtatanghal; ito ay sining na naglalaman ng kahulugan ng pagkatao, kabuhayan, pananampalataya, at kultural na identidad ng mga taga-Claver. Nagsimula ito bilang mungkahi ng kasangguni sa kultura at isinulong bilang bahagi ng Panaghiusa Festival. Inirerekomenda ang regular na pagtatanghal sa pista at mga pampublikong espasyo, pagsasagawa ng mga workshop para sa kabataan, at paglikha ng mga brochure at video upang mapanatili at maipalaganap ang tradisyon*

**Keywords**: Sajaw Panaghiusa, Claver, pagkakaisa, kultura, kasaysayan, sayaw-kultural, tradisyon, modernisasyon.

## I. INTRODUCTION

Ang salitang *festival* ay tumutukoy sa isang masiglang pagdiriwang na ginaganap sa itinakdang panahon upang ipakita ang pasasalamat, pananampalataya, at pagkakaisa ng isang komunidad. Kadalasang iniuugnay ito sa relihiyon, kultura, kasaysayan, o tradisyon. Sa mga ganitong okasyon, sama-samang nagsasaya ang mga mamamayan sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng parada, sayaw sa lansangan, paligsahan, at pagtatanghal ng sining at kultura.

Iba't ibang rehiyon sa Pilipinas ang may sari-sariling pista na nagpapakita ng yaman ng kanilang lokal na pamana. Sa Luzon, isang halimbawa ang *Pahiyas Festival* ng Lucban, Quezon, kung saan pinalalamutian ng makukulay na "kiping" ang mga tahanan bilang simbolo ng pasasalamat sa masaganang ani. Sa Kabisayaan, tampok naman ang *Sinulog Festival* sa Cebu City tuwing ikatlong Linggo ng Enero bilang paggunita sa Santo Niño. Ang salitang "Sinulog" ay nagmula sa Cebuano na "sulog" na nangangahulugang agos ng tubig, na sumasagisag sa galaw ng sayaw.

Sa Mindanao, kilala ang *Kadayawan Festival* ng Davao City na naglalarawan ng kasaganaan at pagkakaisa ng iba't ibang tribo. Mula sa salitang "madayaw" ng mga Lumad, ang pagdiriwang ay nagbibigay-diin sa ganda, kagandahang-loob, at pagpapahalaga. Isa pang mahalagang pista sa rehiyon ay ang *Kaamulan Festival* ng Bukidnon, na isang pagtitipon ng pitong katutubong tribo – Bukidnon, Higaonon, Talaandig, Manobo, Matigsalug, Tigwahanon, at Umayamnon – upang ipagdiwang ang kultura, ritwal, at kapayapaan. Ang "Kaamulan" ay nangangahulugang pagtitipon sa wikang Binukid.

Samantala, sa Claver, Surigao del Norte, isinasagawa ang *Panaghiusa Festival* tuwing Setyembre bilang bahagi ng kapistahan ni San Pedro Claver, ang patron ng bayan. Ang salitang "Panaghiusa" ay nangangahulugang "pagkakaisa"

sa Bisaya, na siyang sentrong tema ng festival. Kabilang sa mga aktibidad dito ang sayawan, paligsahan, at kultural na pagtatanghal na naglalayong bigyang-diin ang sama-samang pagkilos para sa kaunlaran ng bayan.

Ayon kay Castaños (2022), ang mga katutubong sayaw ay mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino na nag-aambag sa pambansang pagkakakilanlan at dapat mapanatili sa pamamagitan ng dokumentasyon. Subalit, hindi pa lubos na naipapaliwanag kung paano naipapahayag ng sayaw ang tema ng "Panaghiusa" o pagkakaisa. Kaya't mahalaga ang pagsusuri sa kasaysayan ng mga tradisyunal na sayaw upang maunawaan ang pinagmulan, kahulugan, at pagbabagong dinanas ng mga ito.

Dagdag pa rito, ipinahayag ni Sinag (2022) na ang mga tradisyunal na sayaw ay pamana mula sa ating mga ninuno bago pa dumating ang mga kolonisador. Sa bawat galaw ng sayaw, naipapakita ang pinagmulan, paniniwala, at kalinangan ng mga katutubong mamamayan – kaya ito ay kinikilalang simbolo ng ating pambansang identidad.

Noong 2023, binuo ng lokal na pamahalaan ng Claver ang *Sajaw Panaghiusa nan Claver* bilang bagong anyo ng sayaw-kalsada. Bilang bagong pagdiriwang, maraming mamamayan ang kulang sa kaalaman ukol dito. Hindi pa sapat ang mga dokumento tungkol sa pinagmulan, kasaysayan, at kabuluhan ng sayaw. Sa ganitong konteksto, layunin ng pananaliksik na ito na maisalaysay at maitala ang *Sajaw Panaghiusa*, upang malinaw na maipakita ang simbolismo ng pagkakaisa at ang kahalagahan nito sa pagbubuo ng kultural na identidad ng mga taga-Claver.

**Paglalahad ng Suliranin (Anyong Layunin)**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matugunan ang mga sumusunod na mga suliranin:

Matukoy ang mga batayan sa pagkabuo ng *Sajaw Panaghiusa nan Claver*, partikular sa mga sumusunod na aspekto:

1.1. Kasaysayan na pinagmulan ng Sajaw Panaghiusa

1.2. Mga kaugalian o kasanayang kultural

1.3. Impluwensya ng relihiyon

Masuri ang simbolikong kahulugan ng Sajaw Panaghiusa nan Claver batay sa:

2.1. Mga kilos o galaw ng sayaw

2.2. Mga uri at disenyo ng kasuotan

2.3. Ginagamit na musika

Matukoy ang mga hakbangin ng lokal na pamahalaan upang mapanatili ang pagpapahalaga sa Sajaw Panaghiusa nan Claver.

Magsagawa ng mga pamamaraan sa pagbabahagi ng impormasyon at datos sa mga mamamayan na nakalap mula sa pananaliksik.

## PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Nakapaloob sa bahaging ito ang disenyo ng pananaliksik, ang impormante na tumugon sa pag-aaral, instrumentong ginamit sa pananaliksik, pamamaraan sa pangangalap ng mga datos at mga pang-istatistika.

**Disenyo**

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong-deskriptibong disenyo, na angkop sa layuning masusing mailarawan ang *pagkabuo ng sayaw*, ang mga simbolismong taglay nito, at ang mga hakbangin sa pagpapanatili ng kultural na pagpapahalaga ng bayan ng Claver.

Pinili ng mananaliksik ang disenyong ito sapagkat binibigyang-diin nito ang makabuluhang deskripsyon ng mga aktwal na karanasan, pananaw, at interpretasyon ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng kwalitatibong-deskriptibong pamamaraan, naipapakita ang "kung ano" ang nangyari at "paano" ito nangyari—isang mahalagang aspekto sa dokumentasyon ng kultural na ekspresyon tulad ng *Sajaw Panaghiusa nan Claver*.

Ang ganitong disenyo ay nagbibigay-daan sa masinsinang pagsusuri ng mga detalye at sa tapat na pag-uulat ng mga datos mula sa mga impormanteng may direktang ugnayan sa pagdiriwang. Bukod dito, layunin din ng disenyo na mailahad sa paraang madaling maunawaan ang kabuuan ng kultural na konteksto na bumabalot sa nasabing tradisyon.

**Impormante**

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mga piling indibidwal na may direktang kaalaman at ugnayan sa *Sajaw Panaghiusa nan Claver*. Kabilang sa mga respondente ang mga kawani ng Kagawaran ng Turismo ng Claver, mga tagapag-ayos o taga-disenyo ng sayaw, kinatawan ng mga katutubong pamayanan (IPs), mga manggagawa ng simbahan, mga guro, at mga kabataang mananayaw na aktibong lumahok sa *Sajaw Panaghiusa* sa taong 2024.

Gamit ang **snowball sampling**, ang mananaliksik ay nagsimula sa ilang pangunahing impormante na may sapat na kaalaman sa paksa, at mula sa kanila ay nakakuha ng karagdagang mga sanggunian o tagatugon. Ang pagpili ay isinagawa batay sa kanilang opisyal na tungkulin, kasanayan, o karanasan na may kaugnayan sa sayaw.

Ilan sa mga pangunahing impormante ay sina:

**Gng. Donna Jean R. Zapantana**, Tourism Operations Officer ng Claver, na nagsilbing pangunahing tagapagbigay ng datos at tumugon sa lahat ng katanungan;

**G. Angelito M. Aclon**, IPMR Secretary at disenyo/tagapag-ayos ng sayaw;

**G. Aljon B. Ladrido**, isang guro at aktibong kalahok sa mga training-workshops kaugnay sa *Sajaw Panaghiusa*;

**Gng. Hilaria E. Paglinawan**, punong katekista na may higit limampung taong serbisyo sa simbahan;

Mga kabataang mananayaw tulad nina **Beatrice Gem Manacay**, **Lanie Mae Ortiz**, **Erose Mae Ramos**, **Dwiny Angel Hitalia**, at **Dwiny Thea Hitalia**.

Ang pagpili sa kanila ay batay sa kanilang **awtoridad, kaalaman, at direktang karanasan** sa sayaw at sa kultura ng Claver. Layunin ng mananaliksik na makakalap ng **malalim, detalyado, at mapagkakatiwalaang impormasyon** mula sa mga taong may aktwal na karanasan at ugnayan sa pagdiriwang.

Hindi lahat ng impormante ay sumagot sa kabuuan ng mga tanong sa pananaliksik. Ayon sa disenyo ng panayam, **ang bawat katanungan ay itinugma sa pinaka-angkop na impormante**. Si Gng. Zapantana, bilang opisyal ng turismo, ay siyang **tanging kinilalang awtorisado** para sagutin ang lahat ng aspekto ng pananaliksik. Samantala, sina Gng. Paglinawan at iba pang impormante ay tinanong lamang batay sa kanilang espesyalisadong kaalaman, tulad ng **kaugalian, kasanayan, at relihiyon**.

Para sa aspeto ng **simbolismo ng sayaw**, ang mga impormanteng sumagot ukol sa **mga kilos o galaw** ay sina G. Ladrido, G. Aclon, at ang nabanggit na mga kabataang mananayaw. Tiniyak ng mananaliksik na **ang bawat tanong ay itinuro lamang sa mga taong may sapat na kaalaman at karapatang tumugon**, upang mapanatili ang bisa at integridad ng datos.

**Kaligiran**

Sa pagsasagawa ng pananaliksik, isinagawa ang pangangalap ng datos at salaysay na nakatuon sa kasaysayan at kultural na pagpapahalaga ng *Panaghiusa Festival*, partikular sa sayaw-kalsadang tinatawag na *Sajaw Panaghiusa nan Claver*. Itinatampok sa Pigura 2 ang mga pangunahing lokasyon kung saan isinagawa ang mga panayam at obserbasyon.

Ang bayan ng Claver ay isang unang klaseng munisipalidad sa lalawigan ng Surigao del Norte, na may kabuuang sukat na humigit-kumulang 322.6 kilometro kuwadrado o 32,259 ektarya. Kinikilala ito bilang isa sa pinakamalalawak na bayan sa probinsya. Nahahati ito sa labing-apat (14) na barangay, na may kanya-kanyang tungkulin sa larangan ng ekonomiya, agrikultura, at lokal na pamamahala.

Matatagpuan ang Claver sa silangang bahagi ng Surigao del Norte, malapit sa baybayin ng Hinatuan Passage. Ang klima nito ay tropikal, kung saan nararanasan ang malinaw na paghahati ng tag-ulan at tag-init. Batay sa pinakahuling ulat ng Philippine Statistics Authority (PSA), tinatayang nasa 37,000 hanggang 40,000 ang populasyon nito, na binubuo ng iba't ibang tribo, katutubong pangkat, at relihiyosong komunidad.

Isa sa mga pangunahing katutubong grupo sa Claver ay ang Mamanwa, na kinikilala bilang isa sa mga naunang nanirahan sa rehiyon. Taglay nila ang natatanging anyo ng kultura, paniniwala, at paraan ng pamumuhay. Subalit, kinakaharap din nila ang mga hamong panlipunan tulad ng limitadong akses sa edukasyon, kakulangan sa nutrisyon, at diskriminasyon—na karaniwang suliranin ng mga Indigenous Peoples (IPs) sa bansa.

Dagdag pa rito, kilala ang Claver bilang sentro ng industriya ng pagmimina sa Surigao del Norte, partikular sa pagmimina ng nickel. Malaki ang papel ng sektor ng pangingisda at agrikultura sa kabuhayan ng mga mamamayan.

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

Bukod dito, ang Claver ay mayaman sa likas na yaman tulad ng mga ilog, kabundukan, at baybaying-dagat na may mataas na potensyal bilang pook-pasyalan o atraksyong panturista.




**Plate 1.** Mapa ng Lungsod ng Claver, Surigao del Norte

**Instrumento**

Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito ay isang talatanungan na isinulat at binuo mismo ng mananaliksik, batay sa mga layunin at suliraning nais sagutin sa pag-aaral. Ang mga katanungan ay dumaan sa proseso ng balidasyon mula sa mga eksperto sa larangan upang matiyak ang kaugnayan, kalinawan, at bisa ng bawat item.

Upang makuha ang malalim at makabuluhang sagot mula sa mga impormante, gumamit ang mananaliksik ng semi-structured interview format na binubuo ng open-ended questions. Ibinigay ang mga gabay na tanong sa mga kalahok bago ang aktwal na panayam upang magkaroon sila ng sapat na pag-unawa sa mga usaping tatalakayin.

Bilang bahagi ng pangangalap ng datos, isinagawa rin ng mananaliksik ang aktwal na obserbasyon sa mga kaugnay na kaganapan tulad ng mga sayaw, ritwal, at iba pang tradisyonal na gawain sa panahon ng festival. Ang mga panayam at talakayan ay naitala gamit ang mga kagamitang teknolohikal tulad ng smartphone, voice recorder, audio recorder, at camera upang maiwasan ang pagkawala ng mahahalagang detalye.

Bukod sa rekording, ang mananaliksik ay nagsagawa rin ng detalyadong pagtatala ng mga obserbasyon, pananaw, at iba pang mahahalagang impormasyon na nakuha sa aktwal na interaksyon at partisipasyon ng mga kalahok. Ang ganitong paraan ay nagbigay-daan upang makuha ang mas malalim na konteksto at emosyonal na pananaw ng mga kalahok sa kanilang mga karanasan kaugnay ng *Sajaw Panaghiusa nan Claver*.

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang upang sistematikong maisakatuparan ang pagkalap ng mga kinakailangang datos para sa pananaliksik:

Una, ang mananaliksik ay sumulat ng liham-pahintulot na ipinadala sa mga kinauukulang ahensya at sektor sa lungsod ng Claver upang humiling ng pahintulot sa pagsasagawa ng panayam. Kalakip ng liham ay ang gabay na katanungan na inihanda ng mananaliksik para sa interbyu. Ang mga katanungang ito ay pinagtibay ng tagapayo ng pananaliksik upang matiyak ang kaugnayan nito sa layunin ng pag-aaral.

Ikalawa, matapos makakuha ng pormal na pahintulot, isinagawa ang mga panayam sa mga napiling impormante gamit ang inihandang gabay. Sa aktwal na panayam, nirekord ng mananaliksik ang usapan upang matiyak ang katumpakan ng datos at upang mabalikan sa pagsusuri. Kasunod ng panayam ay isinagawa ang dokumentasyon sa pamamagitan ng pagkuha ng larawan, bilang patunay ng interaksyon at aktwal na pagdulog sa mga kalahok.

Ikatlo, matapos maisalaysay ng mga impormante ang kanilang mga kaalaman at karanasan, isinagawa ng mananaliksik ang transkripsyon ng mga panayam. Ang mga isinalin na salaysay ay sumailalim sa balidasyon mula sa mga piling tagabalidate upang tiyakin ang wasto at tapat na paglalapat ng impormasyon mula sa orihinal na panayam.

Ikaapat, bilang bahagi ng pagpapalaganap ng resulta ng pananaliksik, bumuo ang mananaliksik ng mga brochure at isang promotional video na naglalaman ng mahahalagang kaalaman hinggil sa *Sajaw Panaghiusa nan Claver*. Layunin ng mga materyales na ito na maipabatid sa mas malawak na madla ang kahalagahan ng nasabing sayaw bilang bahagi ng kultural na identidad ng lungsod ng Claver.

## RESULTA AT DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng masistemang presentasyon, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa mga impormanteng kalahok sa pananaliksik. Nakatuon ito sa pangunahing layunin ng pag-aaral—ang pagsusuri sa pagkabuo ng *Sajaw Panaghiusa nan Claver* at ang pagpapahalagang ibinibigay dito ng mga mamamayan ng Claver.

Ang mga impormasyong nakalap sa pamamagitan ng panayam at obserbasyon ang naging batayan sa pagsusuri ng mga temang lumitaw, mga pattern ng tugon, at pagbibigay ng kahulugan sa mga elementong bumubuo sa naturang sayaw. Mula sa mga datos na ito, nagkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa kasaysayan, simbolismo, at kultural na halaga ng nasabing kaganapan.

Habang tinutugunan ang bawat tanong ng pananaliksik, ipinapakita sa kabanatang ito ang paglalarawan at pagpapaliwanag ng mga natuklasan. Kalakip nito ang analitikal na pagsusuri at kaugnay na interpretasyon, na naging daan upang maipaliwanag ang kabuluhan ng *Sajaw Panaghiusa* bilang bahagi ng pagkakakilanlan ng mga Clavernon.

Ang bahaging ito ng pananaliksik ay nagsilbing saligan ng pagbubuo ng konklusyon at rekomendasyon, sapagkat dito nagsimula ang proseso ng pagbibigay-kahulugan sa mga datos na naitala. Sa pamamagitan ng masusing pag-aanalisa, naisaayos ng mananaliksik ang mga datos sa paraang nagbibigay-linaw sa isyu ng pag-aaral.

Bilang kongkretong produkto ng pananaliksik, ang mga natuklasan sa pag-aaral ay naging batayan sa pagbuo ng isang brochure at isang promotional video na naglalaman ng mahahalagang impormasyon ukol sa *Sajaw Panaghiusa nan Claver*. Layunin ng mga materyales na ito na maipabatid sa mga mamamayan ng Claver ang kultural na kahalagahan ng sayaw at mapalalim pa ang kanilang kaalaman, kamalayan, at pagpapahalaga sa sariling kultura at pagkakakilanlan.

### Mga Batayan Sa Pagkabuo Ng "Sajaw Panaghiusa Nan Claver".

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga batayan sa pagkabuo na sajaw panaghiusa ng Claver, mga kaugalian, paniniwala at relihiyon ng lungsod ng Claver.

**Talahanayan 1.** Batayan sa pagkabuo ng "Sajaw Panaghiusa nan Claver"

| Baryabol | Patunay |
|---|---|
| batayan sa kasaysayan ng sajaw panaghiusa nan Claver | Ang Sajaw Panaghiusa nan Claver ay isang kultural na sayaw na sumasalamin sa pagkakaisa, kultura, at pagkakakilanlan ng mga mamamayan ng bayan ng Claver. |

| | |
|---|---|
| kaugalian at paniniwala | Makikita sa sayaw kung paano nila iniingatan ang kanilang mga likas na yaman at paano nila pinagyayaman ang mga ito. |
| relihiyon | Sa ganitong paraan, ang pananampalataya kay San Pedro ay nagbibigay ng pag-asa at kapanatagan ng loob, at ang panaghiusa o pagkakaisa ng komunidad ay mas lalong tumitibay. |

Batay sa Apendiks C, sa ikalawang bahagi ng salaysay ni Gng. Dunna Jeanne R. Zapanta (2025), bilang pangunahing impormante, binigyang-diin ang pangangailangan ng lokal na pamahalaan ng Claver na magkaroon ng mga hakbang upang mapreserba at pagyamanin ang kultura ng kanilang bayan. Isa sa mga mungkahing proyekto ay ang pagtatatag ng *Sajaw Panaghiusa*, isang sayaw-kalsada na naging bahagi ng taunang selebrasyon ng *Panaghiusa Festival*. Ang inisyatibong ito ay pinasimulan ni G. Val Loza, kasangguni sa kultura at sining, bilang sagisag ng pagkakaisa ng mga Clavernon. Ang sayaw ay nagpapakita ng mga pangunahing kabuhayan sa Claver tulad ng pagsasaka, pagmimina, at pangingisda, at ng pagpapahalaga sa kalikasan at likas na yaman ng bayan.

Itinatag ang nasabing sayaw noong taong 2023, at isinulong ito sa pamamagitan ng mga workshop at pagsasanay na pinangunahan ng mga eksperto. Layunin ng *Sajaw Panaghiusa* na ipakita ang kasaysayan, tradisyon, pagkakaisa, at pasasalamat ng mga Clavernon sa pamamagitan ng sining ng pagsasayaw.

Ayon sa mga salaysay ng mga mananayaw mula sa iba't ibang barangay, ang sayaw ay naging makabuluhang pahayag ng kanilang kultura at pananampalataya. Sina Lanie at Erose Mae mula sa Barangay Daywan ay nagbahagi na ang kanilang bahagi sa sayaw ay nagpapakita ng pagsusumikap sa pagsasaka, pagmamahal sa kalikasan, at pasasalamat kay Sr. San Pedro Claver. Ayon naman kay Beatrice mula sa Barangay Bagakay, ang sayaw ay representasyon ng tradisyon, likas na yaman, at pagkakaisa ng buong bayan. Si Dwiny Angel ay nagpahayag na ang *Sajaw Panaghiusa* ay may dalang pananalig, pasasalamat, at pamahiin na konektado sa kalikasan. Para naman kay Dwiny Thea Kenneza, sumasalamin ito sa araw-araw na pamumuhay ng mga Clavernon at sa kanilang matibay na pananampalataya sa kanilang patron.

Mula naman sa panayam kay Gng. Hilaria O. Paglinawan (2025), binigyang-diin ang malalim na debosyon ng mga taga-Claver kay San Pedro Claver, na kinikilala bilang tagapagtanggol at espiritwal na gabay. Tuwing Agosto 31 hanggang Setyembre 8, ginaganap ang kapistahan ng patron na may kasamang mga misa, novena, prusisyon, fluvial parade, at iba pang panrelihiyosong aktibidad. Sa pamamagitan ng *Sajaw Panaghiusa*, inihahayag ng mga mamamayan ang kanilang pananampalataya sa pagsasayaw habang bitbit ang imahe ng santo—isang ritwal na espiritwal na bahagi ng kanilang debosyon.

Ang *Sajaw Panaghiusa nan Claver* ay hindi lamang isang pagtatanghal ng sining kundi isang buháy na ekspresyon ng kabuuang pagkakakilanlan ng mga Clavernon. Pinagsasama nito ang kabuhayan, kalikasan, pananampalataya, at kultura sa isang masining at makahulugang pagsasayaw. Ang sayaw ay nagsisilbing instrumento ng pagbubuklod, espiritwal na pagkilala, at pagpapatibay ng lokal na pamana.

Ayon kina Delmonte at Cabaguing (2024), ang mga pista ay sumasalamin sa masigla at makulay na kultura ng mga Pilipino na malalim ang ugat sa pananampalatayang panrelihiyon. Ipinapakita ng mga ganitong pagdiriwang ang likas na masayahing katangian at malapit na ugnayan ng mga mamamayan sa kanilang komunidad. Samantala, ipinaliwanag nina Lopez at Ramos (2021) na ang pista ay nagpapalalim sa diwa ng pagkakaisa ng isang lipunan at nagiging daan sa mas malawak na pag-unawa sa iba't ibang kultura. Dagdag pa rito, ayon kina Inocian et al. (2020), ang pananampalatayang Pilipino ay produkto ng pagsasanib ng katutubong paniniwala at turo ng Katolisismo, na siyang humubog sa kultural at espiritwal na pagkatao ng mga Pilipino.

Sa kabuuan, ang *Sajaw Panaghiusa nan Claver* ay higit pa sa sayaw—ito ay isang kultural na pahayag ng pag-iral, pananampalataya, at panlipunang ugnayan ng komunidad. Isa itong buhay na sining na nagsisilbing daluyan ng kultural na edukasyon, pagkakaisa, at pagpapahalaga sa espiritwal na pamana ng bayan ng Claver.

**Pagpakahulugang Simbolismo ng Sajaw Panaghiusa Nan Claver**

Makikita sa Talahanayan 2 ang pagpakahulugang simbolismo ng "Sajaw Panghiusa nan Claver"

**Talahanayan 2.** Pagpakahulugang simbolismo ng "Sajaw Panghiusa nan Claver"

| Baryabol | Patunay |
|---|---|
| mga kilos o hakbang ng sayaw | Ang bawat hakbang ay may malalim na kahulugan at papel sa pagbubuo ng sayaw bilang representasyon ng kultura, pagkakaisa, at pagkakakilanlan ng komunidad: |
| mga uri at desinyo ng mga damit | Ang kasuotan ng mga mananayaw sa Sajaw Panaghiusa nan Claver ay may malalim na simbolikong kahulugan, na nagpapakita ng pagkakaiba-iba ngunit pagkakaugnay-ugnay ng mga sektor at aspeto ng buhay sa Claver. |
| musikang ginagamit | Ang musikang ginamit sa 'Sajaw sa Panaghiusa' ay kombinasyon ng modernong beat at tradisyonal na tugtugin upang umakma sa makabagong panahon. |

Batay sa salaysay ni Gng. Dunna Jeanne R. Zapanta (2025), na matatagpuan sa ikatlong bahagi ng *Apendiks C*, ang *Sajaw Panaghiusa nan Claver* ay isang masining na pagsasama ng sining, simbolismo, at kontemporaryong inobasyon. Ito ay hindi lamang isang pagtatanghal na layuning magbigay-aliw, kundi nagsisilbing daluyan ng kolektibong identidad at pagpapahayag ng kultural na diwa ng mga mamamayan ng Claver.

Sa mga pahayag naman nina G. Angelito Aclo, G. Aljon Ladrido (2025), at ng mga kabataang mananayaw, binigyang-diin na ang nasabing sayaw ay nagsisilbing ritwal ng kolektibong alaala, pagkakakilanlan, at espiritwalidad. Para sa kanila, ang sayaw ay higit pa sa koreograpiya—ito ay isang buhay na kwento na isinabuhay sa bawat galaw, damit, at musika.

Ayon kay G. Aclo, mahalagang bahagi ng sayaw ang Sadsad, isang hakbang na may pinagmulan sa mga ritwal ng katutubong Mamanwa. Ang kilos ng pagyuko at pagtapak sa lupa ay hindi lamang pisikal na galaw, kundi isang metaporikal na ugnayan sa kalikasan at sa mga espiritung tagapagbantay ng lupa. Ang pagsasama ng elementong ito sa sayaw ay sumasalamin sa inklusibong paggalang sa katutubong paniniwala.

Binigyang-linaw naman ni G. Ladrido na ang sayaw ay binubuo ng sampung pundasyong hakbang, kung saan ang bawat galaw ay may nakatakdang kahulugan. Ang hakbang ay tumutukoy sa mga aspeto ng buhay, asal, at paniniwala ng mga Clavernon. Sa ganitong paraan, ang sayaw ay nagsisilbing buhay na aklat ng kultura—isang anyo ng di-pormal na edukasyon na naipapasa sa susunod na henerasyon.

Ang mga pahayag nina Beatrice, Lanie, Erose Mae, Dwiny Angel, at Dwiny Thea ay sumusuporta rin sa ideya ng sayaw bilang simbolikong sining. Ang mga kasuotan ay may makukulay na disenyo na hindi lamang pandekorasyon kundi puno ng kahulugan:

Berde at dilaw – sumisimbolo sa kabuhayan at agrikultura

Hinabing tela ng Mamanwa – simbolo ng katutubong koneksyon sa kalikasan

Iba't ibang disenyo ayon sa tema – representasyon ng kasaysayan, pananampalataya, at panlipunang dinamika

Ang bawat sayaw na hakbang, gaya ng *Sumpay*, *Sunod-Sunod*, *Sabwag*, at *Hawid Steps*, ay tumutukoy sa mahahalagang kultural na pagpapahalaga: pagkakaugnay, pakikipagtulungan, paggalang, at pagtanggap sa kapwa. Sa kabuuan, ang sayaw ay nagiging midyum ng kolektibong naratibo ng bayan.

Ang musika ng *Sajaw Panaghiusa* ay pinaghalong modernong tugtugin at tradisyonal na instrumento, na tinatawag ng mga kalahok na *"mix beating."* Ito ay nagpapakita ng pagsasanib ng nakaraan at kasalukuyan, na nagpapatunay na ang sining ay maaaring umangkop habang nananatiling tapat sa pinagmulan.

Ang mga kulay sa kasuotan ay nagsisilbing visual na wika:

Dilaw – para sa Mamanwa

Berde – para sa mga magsasaka

Pula – para sa sektor ng pagmimina

Bughaw – para sa mga mangingisda at karagatan

Ang ganitong simbolismo ay nagpapalalim sa mensahe ng pagkakaisa, sa kabila ng pagkakaiba-iba ng sektor sa lipunan. Bawat indayog sa sayaw ay isang tulay mula sa nakaraan patungo sa kasalukuyan, na nagpapatibay sa kultural na pagkakakilanlan at pagkakabuklod ng komunidad.

Sa aktwal na pagtatanghal, ginamit ang kantang *"Sajaw sa Panaghiusa"* na may kasamang canned music—isang praktikal na alternatibo upang maisagawa ang sayaw sa abot-kayang paraan. Ang pagpili sa ganitong pamamaraan ay nagpapakita ng diskarteng makabago ngunit mapagkalinga sa kultura, at nakatutok sa sustainability ng pagtatanghal sa gitna ng limitadong pondo.

Ayon kina Balato, Perez, Morales, at Tabuena (2022), ang sayaw ay isa sa pinakamatandang anyo ng pagtitipon at ginagamit sa mga ritwal, panlipunan, espiritwal, at romantikong layunin. Ito ay malikhain at makapangyarihang midyum ng pagpapahayag. Dagdag pa nina Coronel, Tiglao, Solayao, at Lobo (2022), ang kilos ng katawan sa sayaw ay nagsisilbing daluyan ng komunikasyon kung saan naipapahayag ang damdamin, ideya, at mensahe.

Pangkalahatang Pagsusuri

Ang *Sajaw Panaghiusa nan Claver* ay isang dinamikong sining na pinagsasama ang kultura, kabuhayan, paniniwala, at kasaysayan. Sa pamamagitan ng kasuotan, musika, simbolikong hakbang, at kontekstong panrelihiyon, ito ay naging daluyan ng diyalogo ng nakaraan at kasalukuyan, at sandigan ng pagkakakilanlan ng mga Clavernon. Ang sining ay naging makapangyarihang instrumento ng edukasyon, pagkakaisa, at espiritwal na koneksyon—patunay ng lalim at saysay ng kultural na pamana ng bayan ng Claver.

**Hakbangin Ang Ginagawa Ng Lungsod Upang Mapanatili Ang Pagpapahalaga Sa Sajaw Panaghiusa Nan Claver**

Makikita sa Talahanayan 3 ang mga hakbanging pagpapahalaga ng lokal na lungsod sa "Sajaw Panaghiusa nan Claver".

**Talahanayan 3.** Mga pagpapahalaga sa "Sajaw Panaghiusa nan Claver"

| **Baryabol** | **Patunay** |
|---|---|
| Mga maging hakbangin ginagawa ng lungsod sa pagpanatili at pagpapahalaga sa Sajaw Panaghiusa nan Claver? | "Ang Sajaw Panaghiusa nan Claver ay isang mahalagang kultural na sayaw na sumasalamin sa pagkakaisa at identidad ng bayan ng Claver." |
| | "Layunin ng proyekto na makabuo ng isang ordinansa upang opisyal na ma-institusyonal ang Sajaw Panaghiusa bilang isang taunang tradisyon ng bayan." |
| | "Ang Sajaw Panaghiusa nan Claver ay aktibong isinasama sa mga promosyong pang-turismo ng bayan upang mapalaganap ang kaalaman at pagpapahalaga sa lokal na kultura, at pinalalakas ang turismo at pagkakakilanlan ng bayan." |

Batay sa salaysay ni Gng. Dunna Jeanne R. Zapanta (2025), na matatagpuan sa ika-apat na bahagi ng *Apendiks C*, kasalukuyang isinusulong ng lokal na pamahalaan ng Claver ang paggawa ng isang "handbook" para sa Sajaw Panaghiusa nan Claver. Ang nasabing handbook ay naglalayong isalaysay ang kasaysayan, layunin, estruktura, at mga gabay sa pagsasagawa ng sayaw upang maging batayang dokumento para sa mga susunod na taon. Kasunod ng paggawa ng handbook, isang ordinansa naman ang planong ihain upang gawing institusyonal ang Sajaw Panaghiusa bilang opisyal at permanenteng bahagi ng Panaghiusa Festival ng Claver.

Sa kasalukuyan, bagama't bahagi na ng taunang selebrasyon, ang sayaw ay hindi pa ganap na naitatag bilang isang opisyal na tradisyon, dahil umaasa pa rin ito sa taunang pondo ng lokal na pamahalaan. Ang hindi pa pagkakaroon ng legal na mandato ay nagiging sanhi ng kawalang-katiyakan sa patuloy na pagdaraos ng kompetisyon sa mga susunod na taon. Kaya't layunin ng paggawa ng handbook at ordinansa na masiguro ang pagpapatuloy, proteksyon, at pag-unlad ng Sajaw Panaghiusa para sa mga susunod na henerasyon.

Binibigyang-diin din ni Gng. Zapanta ang ekonomikong ambag ng Sajaw Panaghiusa sa mga choreographer, artists, costume designers, at lokal na manggagawa. Sa ganitong pananaw, ang sining ay hindi lamang simbolo ng kultural na pagkakakilanlan kundi isang bahagi rin ng creative economy, kung saan may aktibong kontribusyon sa kabuhayan at kaunlaran ng komunidad.

Kasabay ng mga lokal na inisyatibo ay ang paggamit ng makabagong teknolohiya at media platforms upang mapalaganap ang kaalaman tungkol sa Sajaw Panaghiusa. Sa pamamagitan ng brochure, promotional video, at social media engagement, mas naipararating sa mas malawak na publiko ang kultural na halaga ng nasabing sayaw. Ayon sa pag-aaral nina Montanari, Scapolan, at Codeluppi (2013), ang social media ay may mahalagang papel sa pagbuo ng emosyonal na koneksyon sa mga tatak o kultural na kaganapan, at ito ay nagiging mabisang daan sa pagpapalakas ng reputasyon at turismo.

Ang ganitong mga estratehiya ay naglalayong pagsamahin ang tradisyon at modernisasyon, kung saan pinangangalagaan ang pamanang kultural habang binubuksan ang mga posibilidad sa pampinansyal na benepisyo. Ang *Sajaw Panaghiusa nan Claver* ay nagiging halimbawa ng pagbabalanse ng proteksyon ng kultura at pagtanggap sa makabagong mga inobasyon—isang patunay na ang kultura ay buhay at patuloy na umuunlad.

Sa pananaw ni Balakrishnan (2023), ang ganitong inisyatibo ay umaayon sa mga prinsipyo ng relational sociology, kung saan ang mga interaksyon at network na nabubuo sa loob ng komunidad ay mahalaga sa pagpapalalim ng ugnayan at kolektibong pagkilos. Gayundin, ayon kay LiXinLiu (2023), ang mga kaganapan sa lansangan gaya ng sayaw ay epektibong plataporma para sa kultural na pagpapakilala, partisipasyon, at branding, na kapaki-pakinabang sa turismo at creative marketing.

Pangkalahatang Interpretasyon

Ang *Sajaw Panaghiusa nan Claver* ay higit pa sa isang sayaw; ito ay buhay na tradisyon na sumasalamin sa kabuuang pagkatao, kasaysayan, at paniniwala ng mga Clavernon. Ang kasalukuyang hakbang ng paggawa ng handbook at pagpapasa ng ordinansa ay patunay ng seryosong pagnanais ng lokal na pamahalaan na gawing permanente at protektado ang kultura ng bayan.

Ang paggamit ng teknolohiya sa pagpapalaganap ng sayaw ay nagpapakita ng kakayahan ng kultura na makipagsabayan sa modernong panahon, habang nananatiling tapat sa ugat nito. Ang ganitong pagsasanib ng tradisyon at inobasyon ay nagsisilbing epektibong modelo para sa iba pang mga komunidad na nagnanais na buhayin at palakasin ang kanilang sariling kultural na pamana.

## BUOD

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa **pag-unawa sa kasaysayan, layunin, at kahalagahan** ng *Sajaw Panaghiusa nan Claver* bilang mahalagang bahagi ng **kultural na identidad ng bayan ng Claver, Surigao del Norte**. Batay sa mga nakalap na datos, ang *Sajaw Panaghiusa* ay hindi lamang simpleng pagdiriwang kundi **isang simbolikong ekspresyon ng pagkakaisa** ng iba't ibang sektor, tribu, at relihiyosong grupo sa komunidad.

Lumabas sa mga datos na ang pagtatatag ng sayaw ay bunga ng pangangailangang **mapalakas ang pagkakaunawaan** sa gitna ng makasaysayang pagkakaiba-iba ng mga taga-Claver. Ang salitang **"panaghiusa"** ay nangangahulugang *pagkakaisa*, habang ang "sajaw" ay *sayaw*—dalawang konseptong pinagbuklod upang maging **midyum ng malikhaing pagpapahayag ng kasaysayan, kabuhayan, at kultura**.

### 1. Pinagmulan at Layunin ng Sajaw Panaghiusa

Ayon sa mga datos mula sa *Apendiks C*, unang iminungkahi ng kasangguni sa kultura at sining ng Claver ang paglikha ng *Sajaw Panaghiusa* upang **mapanatili at maipasa** ang tradisyon at kultura ng bayan. Ito ay sinang-ayunan ng lokal na konseho at isinama bilang **bahagi ng kapistahan ni San Pedro Claver**, ang patron ng bayan.

Ang sayaw ay nagpapakita ng:

Mga **kaugalian** ng mamamayan gaya ng pag-aalaga sa kalikasan

**Pagpapahalaga sa biyayang likas** na yaman

**Matibay na pananalig** sa patron saint na nagbibigay gabay sa panahon ng sakuna

Sa ganitong konteksto, ang sayaw ay hindi lamang ritwal, kundi **taos-pusong pasasalamat** ng mga Clavernon sa mga biyayang tinatamasa ng kanilang lungsod.

**2. Estruktura at Simbolismo ng Sayaw**

Ang *Sajaw Panaghiusa* ay binubuo ng **sampung pundasyong hakbang**, na bawat isa ay may tiyak na kahulugan na sumasalamin sa mga pinahahalagahan ng komunidad:

**Sumpay Steps** – Pagkakaugnay ng komunidad
**Sunod-Sunod Steps** – Paggalang at pagsunod sa alituntunin
**Sabwag Steps** – Paghahasik ng kasaganaan
**Hawid Steps** – Lakas sa pagtutulungan
**Bugkos Steps** – Pagkakatipon ng mamamayan
**Tambayayong Steps** – Pagtutulungan at suporta
**Abi-Abi Steps** – Mabuting pagtanggap sa panauhin
**Ujon-Ujon Steps** – Katatagan sa pagbabago
**Koptanay Steps** – Pagtitiyaga sa hamon ng buhay
**Agbay Steps** – Malasakit at empatiya sa kapwa

Ang bawat hakbang ay **nagsasalaysay ng mga pagpapahalagang kultural** ng Claver gaya ng **pagkakaisa, kabutihang-asal, at panlipunang ugnayan**.

Samantala, ang mga kasuotan ng mananayaw ay may mga kulay na **may malinaw na simbolismo**:

**Dilaw** – Kumakatawan sa katutubong grupong *Mamanwa*
**Berde** – Para sa mga magsasaka
**Pula** – Para sa industriya ng pagmimina
**Bughaw** – Para sa sektor ng pangingisda

Ang musika ng sayaw ay orihinal na komposisyon na pinamagatang **"Sajaw sa Panaghiusa"**, na nilikha ng mga sumusunod:

**G. Michael Contamina** – Kompositor
**G. Jiminiano R. Longos, Jr.** – Musical Director
**G. Peter Dela Cruz** – Musical arranger
**G. Jade Ganda Naya** – Mang-aawit

Ang paggamit ng bagong kanta ay nagpapakita ng **pagsasanib ng tradisyon at kontemporaryong sining**.

**3. Pagsusumikap Para sa Institusyonalisasyon**

Sa kasalukuyan, bagamat bahagi na ng **Panaghiusa Festival**, ang *Sajaw Panaghiusa* ay hindi pa ganap na naitatag bilang **institusyonal na bahagi ng taunang selebrasyon**. Umaasa pa rin ito sa **pondo ng lokal na pamahalaan**, kaya't may panganib na ito ay hindi maisagawa taon-taon.

Upang tugunan ito, isinusulong ng **Kagawaran ng Turismo** ang:

Paggawa ng **Handbook** – Naglalaman ng kasaysayan, layunin, hakbang, at gabay ng sayaw
Pagbuo ng **Ordinansa** – Para ma-"adopt" ng sanggunian at gawing opisyal na bahagi ng selebrasyon

Ginagamit din ang **modernong media** gaya ng:

**Brochure at video campaigns**
**Social media platforms**

Ang mga ito ay naglalayong:

**Mapalaganap ang impormasyon** tungkol sa kultura ng Claver
**Mapasigla ang lokal na turismo**
**Mapalago ang ekonomiya** sa pamamagitan ng cultural promotion

**4. Pangkalahatang Interpretasyon**

Ang *Sajaw Panaghiusa nan Claver* ay isang **buhay na sining** na sumasalamin sa **kasaysayan, kabuhayan, pananampalataya, at kolektibong kamalayan** ng mga mamamayan ng Claver. Isa itong modelo ng **pagsasanib ng kultura at makabagong estratehiya** para sa pagpapanatili ng pamana.

Ayon kay **Balakrishnan (2023)**, ang ganitong klaseng pag-unlad ay bahagi ng **relational sociology**, kung saan binibigyang-halaga ang interaksyong panlipunan sa pagtataguyod ng makabuluhang institusyon. Dagdag dito, ayon kay **LiXinLiu (2023)**, ang mga kaganapang tulad ng sayaw sa lansangan ay nagiging **estratehikong plataporma ng cultural marketing**. Samantala, ipinapakita nina **Montanari, Scapolan, at Codeluppi (2013)** na ang **social media** ay epektibong paraan ng **pagbuo ng koneksyon sa pagitan ng komunidad at turismo** sa pamamagitan ng emosyonal na ugnayan at word-of-mouth branding.

## KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan sa ibinahaging pag-aaral, ang kongklusyon ng mananaliksik ay ang mga sumusunod:

Ang Sajaw Panaghiusa nan Claver ay hindi lamang isang sayaw, kundi isang makabuluhang simbolo ng pagkakaisa, pananampalataya, at pagmamahal ng mga Clavernon sa kanilang kultura at kalikasan. Sa pamamagitan ng pagtatanghal na ito, naipapasa mula henerasyon sa henerasyon ang mahahalagang kaugalian, ritwal, at paniniwala ng komunidad. Isa itong patunay na ang pagkakaisa ng bayan, pagsulong ng kultura, at pananalig kay Sr. San Pedro Claver ay nagsisilbing matibay na haligi sa pagharap sa mga hamon at sa patuloy na pag-unlad ng lungsod ng Claver.

Ang Sajaw Panaghiusa nan Claver ay isang makulay at masining na pahayag ng pagkakaisa, kultura, at buhay ng mga taga-Claver. Sa pamamagitan ng sampung pundasyong hakbang, naipapakita ang mahahalagang pagpapahalaga ng komunidad tulad ng pagtutulungan, paggalang, katatagan, at malasakit. Ang bawat galaw ay hindi lamang bahagi ng sayaw kundi salamin ng buhay at damdamin ng mga Clavernon. Pinalalalim pa ng makabuluhang kasuotan at awiting “Sajaw sa Panaghiusa” ang kabuuang diwa ng pagtatanghal, na nagbibigay-buhay sa kasaysayan, kabuhayan, at pananampalataya ng bayan. Sa kabuuan, ang Sajaw Panaghiusa ay isang pamana ng sining na patuloy na mag-uugnay sa nakaraan, kasalukuyan, at kinabukasan ng Claver.

Ang Sajaw Panaghiusa ay isang mahalagang simbolo ng kultura at pagkakakilanlan ng bayan ng Claver. Bagamat kasalukuyang bahagi ng Panaghiusa Festival, ang layunin ng lokal na pamahalaan na ito'y ganap na maisabatas at ma-institusyonalisa ay patunay ng pagpapahalaga sa sariling tradisyon at sining. Sa pamamagitan ng mga hakbang tulad ng paggawa ng handbook, ordinansa, at paggamit ng makabagong midya gaya ng brochures at tourism videos, naisasakatuparan ang pagpapalaganap at pangangalaga sa makasaysayang sayaw na ito. Ang mga pagsisikap na ito ay hindi lamang para sa kasalukuyang henerasyon kundi bilang pamana sa susunod, na magpapatuloy sa diwa ng pagkakaisa, kultura, at pagmamalasakit sa bayan ng Claver.

## REKOMENDASYON

Batay sa natuklasan at kongklusyon ang mga sumusunod ay ang mga rekomendasyon:

**Para sa mga Administrador.** Magdaos ng mga regular na pagtatanghal sa mga pampublikong lugar, pati na rin sa mga pista at pagdiriwang upang mas lalo itong makilala at mahalin ng mas nakararami. Maaari ring mag-organisa ng mga workshop at seminar para sa mga kabataan.

**Para sa mga Guro.** Isama ang Sajaw Panaghiusa sa mga aralin sa paaralan, partikular sa asignaturang Araling Panlipunan at MAPEH, upang mas maunawaan ng kabataan ang kahalagahan nito bilang bahagi ng kanilang pagkakakilanlang kultural.

**Para sa Pamahalaan ng Claver.** Magpanukala ng ordinansa na magtatakda sa Sajaw Panaghiusa bilang opisyal na sayaw ng Claver at magbibigay ng legal na suporta sa mga programa para sa pagpapanatili at promosyon nito. At lumikha ng mga digital content tulad ng video tutorials, online performances, at social media campaigns upang maabot ang mas malawak na audience, lalo na ang mga kabataang nasa online platforms.

## TALASANGGUNIAN

**[1].** Adigue, A. P., & Barcancel, S. D. F. (2024). Pagtatampok sa bayan ng Nampicuan: Tuon sa festival, produkto, at pook pasyalan. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4(12), 436–442. https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i12.040

**[2].** Arruda, R. T. (2025). Moral Archetypes – etika sa prehistory.Independent. Retrieved from https://philpapers.org

[3]. Balakrishnan, S. (2023, July 10). Advance relationalism and communication theory without title page. Advance. https://doi.org/10.31124/advance.23536467.v1

A. Balato, M. E., Perez, M. L. A. C., Morales, G. S., & Tabuena, A C. (2022). Advantages children may gain from participating in creative dance lessons while attending a public elementary school. *Journal of Humanities, Music and Dance, 3*(1), 1–12. https://doi.org/10.55529/jhmd.31.1.12

[4]. Carter, M. J., & Fuller, C. (2022). Symbolic Interactionism and Microaggressions: Meaning in Everyday Social Interaction. Social Psychology Quarterly, 85(1), 55–74.

[5]. Castanos, N. A., Jr. (2022). Philosophical and histo-cultural perspectives of local folk dances. Psychology and Education, 58(1), [page numbers if available]. Palompon Institute of Technology. DOI:10.5281/zenodo.7032286

[6]. Coronel, A. J., Tiglao, R. M., Solayao, R., & Lobo, J. (2022). Gender and dance motivation as determinants of dance style choice. American Journal of Arts and Human Science, 1(1). https://doi.org/10.54536/ajahs.v1i1.281

[7]. A Crompton and McKay (1997) – International Journal of Tourism Research. sMotives of Visitors Attending Festival Events. 17 September 2007.https://onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1002/jtr.638

[8]. A Dayaganon, A. A., Ramos, G. D., Ramos, Y. C. M., Lenon, B., Cartel, G., Orella, J. A. C., Zonio, K. A. C., Baclaan, H. M., Cagampang, E. T., Jr., Carin, F. B., Gamolo, K., Guiabal, G., Guiamelon, R., Lapay, J. A., Maluya, G., Omar, A., Ramos, D. M., Ponte, M. L., Sabillo, F. J. T., & Agustilo, R. (2023). The Santo Niño de Bula Fiesta of General Santos City, Philippines in 2023: A sociological perspective. Journal of Humanities and Religious Studies JHRS), 3(2), Article 202450. https://doi.org/10.34002/jhrs.v3i2.77

[9]. Delmonte, D. C., & Cabaguing, A. M. (2024). Socio-cultural perspectives of fiesta celebration. International Journal for Multidisciplinary Research, 6(1), Article IJFMR240112707. https://www.researchgate.net/profile/Abigail-Cabaguing/publication/378127291_Socio-cultural_Perspective_of_Fiesta_Celebration/links/65fcf7e9a8baf573a1cbea61/Socio-cultural-Perspective-of-Fiesta-Celebration.pdf

[10]. A Derrett, R. (2003). Event management: Making sense of how festivals demonstrate a community's sense of place. Event Management, 8(1), 49–58. https://doi.org/10.3727/152599503108751676

[11]. A Getz, D. (2010). The nature and scope of festival studies. International Journal of Event Management Research, 5(1), 1–47. http://www.ijemr.org

[12]. Fauzi, F., Sultan, S., Karuppannan, M., Singh, G. K. S., Zulkifli, N., Radzi, N. F., Mohamad Nor, A., Mohd Noordin, Z., Zamery, M. I., Mahamad Dom, S. H., Zaharuddin, Z., Johar, N. N., Md. Hussin, N. S., & Abd. Wahab, M. S. (2023, May).

[13]. Prescription: Latest news and updates from the Faculty of Pharmacy (Issue 5/2023). Faculty of Pharmacy, Universiti Teknologi MARA. https://ir.uitm.edu.my/id/eprint/41295/1/41295.pdf

[14]. Gerteis, J., Pfaff, S., Calhoun, C., Moody, J., & Virk, I. (2022). Contemporary sociological theory (4th ed.). Wiley-Blackwell. https://books.google.com.ph/books?hl=en&lr=&id=qTJrEAAAQBAJ&oi=fnd&pg=PR12&dq=Contemporary+Sociological+Theory,+4th+Edition+(Wiley-Blackwell,+2022)&ots=_YxrUC-RYv&sig=E7FKvCAI2Vu3CGgN71zay7T14dk&redir_esc=y#v=onepage&q=Contemporary%20Sociological%20Theory%2C%204th%20Edition%20(Wiley-Blackwell%2C%202022)&f=false

[15]. Gordillo-Rodríguez, M-T., Pineda, A., & Gómez, J. D. F. (2023). Brand community and symbolic interactionism: A literature review. *Review of Communication Research, 11*, 1–32. https://doi.org/10.5680/RCR.V11.1

[16]. Guevarra, S. V., Gatchalian, C. F., & Tiatco, A. P. (2014). Performing cosmopolitan entanglement in the Philippine pista. Social Science Diliman, 10(2), 1–30. https://doi.org/10.3860/ssd.v10i2.2106

[17]. Husin, S. S., Ab Rahman, A. A., & Mukhtar, D. (2021). The symbolic interactionism theory: A systematic literature review of current research. International Journal of Modern Trends in Social Sciences, *4*(17), 113–126. https://doi.org/10.35631/IJMTSS.417010

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

**[18].** Inocian, W. G., Callangan, R. B., Medrano, A. L. I., & Gualiza, D. R. (2020). Cebuano cultural identities: Prospects for a culturally responsive pedagogy. Journal of Research, Policy & Practice of Teachers & Teacher Education, 10(1), 44–62. UPSI Press. https://pdfs.semanticscholar.org/df2e/649dfe6bf05936475d4816759a101b118ab6.pdf

**[19].** Lobo, J. (2022). Do our folk dances still thrive? Personal experience and interest of students towards Philippine traditional dances as basis on strengthening the love for culture and the arts. *American Journal of Arts and Human Science, 1*(1), 15–20. https://doi.org/10.54536/ajahs.v1i1.278

**[20].** Liu, L. X. (2023). Street dance showdown: Analyzing marketing approaches in competition circuits. Advanced Journal of Economics and Business Research, 11(2), 11–17. Retrieved from https://americaserial.com/Journals/index.php/ajebr/article/view/160

**[21].** Lopez, M. N. S., & Ramos, R. C. M. (2021). Novo Ecijano's festival: Its influences on (SCENE) socio-cultural, environmental, and economic aspect of local people in the province of Nueva Ecija, Philippines. Turkish Online Journal of Qualitative Inquiry, 12(6), Article 6479.

**[22].** Mahamad Dom, S. H., & Zaharuddin, Z. (2023). Alumni series: Functionalism, pharmacists and pharmacy. Prescription, 5(9), 1-2. https://pharmacy.uitm.edu.my/

**[23].** Mair, J., & Whitford, M. (2013). An exploration of events research: Event topics, themes and emerging trends. International Journal of Event and Festival Management, 4(1), 6–30. https://doi.org/10.1108/17582951311307485

**[24].** Montanari, F., Scapolan, A., & Codeluppi, E. (2013). Identity and social media in an art festivals. In Tourism social media: Transformations in identity, community and culture (pp. 207–225). Emerald Nickerson, C. (2025, March 3). Symbolic interactionism theory & examples. https://www.simplypsychology.org/symbolic-interaction-theory.html

**[25].** Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa / Society and literature: Locating Filipinism in developing national literature. Malay, 32(1), 99–114.

**[26].** Sahlins, M. (2022). The new science of the enchanted universe: An anthropology of most of humanity. Princeton University Press.

**[27].** Santamaria, M. C. M. (2023). Three categories of intangible cultural heritage and three degrees of importance: The case of the Sama-Bajau igal dance tradition of Tawi-Tawi Province, Philippines. In Z. Hamza, H. Hafzan, F. A. M. Gingging, L. F. H. Chin, P. A. Hardwick, M. B. T. Sampurno, & C. Augustine (Eds.), Proceedings of the International Music and Performing Arts Conference (Vol. 1, pp. 1–19). Faculty of Music and Performing Arts, Universiti Pendidikan Sultan Idris. https://fmsp.upsi.edu.my/wp-content/uploads/2023/12/IMPAC2023-PROCEEDINGS-13122023b.pdf

**[28].** Seam, N. I. (2023). Functionalism: Understanding social system. https://www.researchgate.net/publication/387172510_Functionalism_Understanding_Social_System

**[29].** Sinag, J. M. D. (2022). Dance ethnography: An analysis on

**[30].** Aeta Ambala tribe of Barangay Tubo-tubo, Bataan. Universal Journal of Educational Research, 1(4), 218–231. https://www.ujer.org

**[31].** Tiatco, A. P. (2016). The possibilities and problems of entanglement in contemporary Manila theater: Pista as model, Rizal X as exemplar. Humanities Diliman, 13(2), 127–162. https://doi.org/10.3860/humad.v13i2.2324

**[32].** Zanetti, G., Sellers, M., & Kirste, S. (Eds.). (2023). Handbook of the history of the philosophy of law and social philosophy: Volume 3: From Ross to Dworkin and beyond. Springer.